

Impormasyon Hinggil sa Pagpapatupad ng Suporta sa Pamilyang Di-nakatanggap ng TANF/AFDC

Nonassistance Support Enforcement Information

(Mga Chapter 26.18, 26.23, 34.05, 74.20 at 74.20A RCW)

Ingatan ang form na ito: naglalaman ito ng mahalagang impormasyon tungkol sa inyong kaso ng suporta sa bata.

Mga Partido sa Inyong Kautusan para sa Suporta

Ang dalawang partido ng inyong kautusan para sa suporta ay ang di-nangangalagang magulang at ang nangangalagang magulang o pisikal na tagapangalaga. Ang di-nangangalagang magulang ay ang taong kailangang magbayad ng suporta. Ang nangangalagang magulang o ang pisikal na tagapangalaga ay ang taong karaniwang tinitirhan ng mga bata. Kapwa ang nangangalaga at di-nangangalagang mga magulang ay maaaring atasang magbigay ng pagsakop sa health insurance at / o suportang medikal para sa mga bata.

- Ang suportang medikal ay naglalakip sa katumbas na bahagi ng di-nakasegurong (uninsured) pangmedikal na gastos at bahagi ng pangmedikal na premium (cash na bayad) kung inaatas sa inyong kautusan kapag hindi ibinibigay ang health insurance.

Division of Child Support

Ang Division of Child Support (DCS) ay may mga tanggapan na nakapuwesto sa bawat bahagi ng estado. Pinapangasiwaan at ipinapatupad ng DCS ang mga kaso ng suporta sa bata. Upang ipatupad ng DCS ang inyong kautusan para sa suporta, kailangang isa sa mga partido sa kautusan ang hihiling, sa panulat, ng serbisyo ng pagpapatupad ng suporta.

Kung ang inyong kautusan para sa suporta ay nangangailangan ng pagbabayad sa pamamagitan ng Washington State Support Registry (tingnan ang susunod na seksyon), ngunit hindi nakatatanggap ang DCS ng kahilingan para sa serbisyo, magbubukas ang DCS ng kasong Payment Services Only (PSO) para sa inyo. Ang DCS ay nagbibigay lamang ng serbisyo ng pagpoproseso at pagiiingat ng talaan para sa mga kaso sa PSO.

Washington State Support Registry

Ang Washington State Support Registry (WSSR) ay bahagi ng DCS na nag-iingat ng talaan at nagbabahagi ng kabayaran sa suporta. Ipapasok ng DCS sa WSSR ang inyong kautusan para sa suporta kapag isa sa sumusunod ang nangyayari.

1. Alinman sa partido sa inyong kautusan para sa suporta ay humihiling sa DCS para sa serbisyo ng pagpapatupad ng suporta.
2. Ang inyong kautusan para sa suporta ay nag-uutos sa di-nangangalagang magulang na magbayad ng suporta sa pamamagitan ng WSSR.

Ano ang Kailangan Ninyong Gawin

Kapag humiling kayo sa DCS ng serbisyo ng pagpapatupad ng suporta, kailangan ninyong:

1. Ipadala sa DCS ang lahat ng kabayaranang natanggap ninyo direkta mula sa di-nangangalagang magulang. Kailangang may talaan ang DCS sa lahat ng kabayaran upang kumilos para sa inyong kaso. Kung tumanggap kayo ng kabayaran sa suporta bago kayo humiling ng serbisyo sa DCS, kailangang magbigay kayo ng deklarasyon sa DCS na nagtatala sa mga kabayaranang iyon. Kapag ipinadala ninyo sa DCS ang kabayaranang natanggap ninyo direkta mula sa di-nangangalagang magulang, ikakarga ng DCS ang halaga sa inyong DCS debit card o ilagak ang halaga sa inyong direktang deposit account.
2. Ipaalam sa DCS kapag nagbago kayo ng address o numero ng telepono. Kailangan ng DCS ang impormasyong ito upang makipag-ugnayan sa inyo tungkol sa inyong kaso. Maaaring magpadala ang DCS sa inyo ng mga paunawa sa pamamagitan ng primera klaseng koreo.
3. Sabihin kaagad sa DCS kung nakipagbalikan kayo sa di-nangangalagang magulang o ang mga bata ay tumitira kahit saan. Kailangang magbigay kayo sa DCS ng karagdagang impormasyon kapag hiniling.
4. Ipaalam sa DCS kapag kumuha kayo ng abogado o pribadong ahensya upang kolektahin ang inyong suporta. Kailangang ibigay ninyo sa DCS ang pangalan at address ng abogado o pribadong ahensya. Kailangang ipaalam ninyo sa DCS kung ano ang gagawin ng abogado o pribadong ahensya.
 - a. Maaaring hindi magagawa ng DCS na kolektahin ang inyong suporta habang ang isang abogado o pribadong ahensya ay sumusubok na mangolekta.
 - b. Kung kukuha kayo ng abogado upang baguhin ang inyong kautusan para sa suporta, kayo o ang inyong abogado ay kailangang magpadala ng paunawa sa di-nangangalagang magulang at sa DCS.
5. Bigyan ang DCS o tulongan ang DCS na makuha ang mga kopya ng lahat ng kautusan para sa suporta na ipinasok para sa inyong kaso.

Mga Kailangan para sa Pagtanggap ng Serbisyo ng Pagpapatupad ng Suporta para sa Pamilyang Di-nakatanggap ng TANF/AFDC

Kung wala kayong lehitimong kustodiya sa mga batang ipinaghiling ninyo ng serbisyo ng pagpapatupad ng suporta, kailangan ipahayag ninyo na hindi maling iniingatan ninyo ang mga bata mula sa lehitimong tagapangalaga.

Kumokolekta ang DCS ng kabayaranang \$35 bawat taon ng piskalya ng pederal sa ipinadalang \$550 ng DCS sa inyo para sa suporta kung kayo ay **hindi pa kailanman nakatanggap ng** Temporary Assistance to Needy Families (TANF), TANF ng Tribo, o Aid to Families with Dependent Children (AFDC) para sa sinumang mga bata. Ang taon ng piskalya ay nagsisimula sa a-uno ng Oktubre at nagtatapos sa a-trenta ng Setyembre bawat taon. Kinokolekta ng DCS sa inyo ang kabayaranang ito sa pamamagitan ng pagkuha sa \$35 mula sa koleksyon ng suporta pagkatapos maipadala sa inyo ng DCS ang unang \$550. Kung kayo ay may higit sa isang kaso dahil ang mga bata ay may iba't ibang ama, maaaring sakop kayo sa higit sa isang taunang bayad. Kung nakatanggap kayo ng TANF, TANF ng Tribo, o AFDC mula sa ibang estado, kailangang magpadala kayo sa DCS ng patunay, gaya ng sinumpaang pahayag, mula sa ahensya ng tulong ng pamahalaan ng ibang estado o ng sertipikadong kopya sa inyong talaan ng tulong. Ipapataw ng DCS ang bayad hanggang matanggap namin ang patunay. Kung ang pagbabayad ng \$35 na bayarin ay magdudulot ng paghihirap ng iyong pamilya, maaari kang humiling ng eksepsyon sa DCS sa pamamagitan ng paghiling ng Conference Board.

Serbisyo ng Pagpapatupad ng Suporta

Kung kayo ay may kautusan para sa suporta na nagtatakda ng halaga ng suporta, susubukang kolektahin ng DCS ang halagang iyon. Ang DCS ay karaniwang hindi nagkakalkula at nagkokolekta ng tubo na nadadagdag sa inyong kautusan. Sa ilang sitwasyon, kailangang magpadala ang DCS ng paunawa sa dalawang partido ng kautusan para sa suporta bago simulan ang hakbang ng pangongolekta.

Kung wala kayong kautusan para sa suporta o ang inyong kautusan para sa suporta ay hindi tumatalakay sa suporta sa bata at suportang medikal, magpapadala ang DCS ng paunawa sa dalawang partido sa kautusan para sa suporta.

1. Sa paunawang ito, itatakda ng DCS ang halaga ng suporta sa bata at suportang medikal gaya ng kailangan. Ibabatay ng DCS ang halaga ng suporta sa pinagsamang kita ng dalawang partido at sa bilang ng mga batang sangkot.
2. Ang inyong kautusan ay kailangang mag-aatas sa bawat obligadong magulang na magbigay ng pagsakop sa health insurance kapag mayroong pagsakop sa pamamagitan ng employer o unyon ng magulang sa halagang hindi higit sa 25 porsiyento ng pangunahing obligasyon sa suporta ng obligadong magulang.
3. Ang kautusan ay maaaring may kasamang obligasyon sa suportang medikal sa premium o hulugang binayaran ninyo o ng Estado kung ang suportang medikal ay hindi ibinibigay ng obligadong magulang.

Kung ang inyong kautusan para sa suporta ay hindi nagtatakda ng tiyak na halaga ng suporta, ngunit nagpapahayag ng paraan ng pagpasya sa halaga, magpapadala ang DCS ng **Notice of Support Owed (Paunawa Tungkol sa Suportang Dapat Bayaran)** sa dalawang partido ng inyong kautusan para sa suporta.

1. Sa paunawang ito, itatakda ng DCS ang tiyak na halaga ng suporta. Alinman sa partido ng inyong kautusan para sa suporta ay maaaring humiling ng pagdinig upang tutulan ang halaga ng suporta na itinatakda ng DCS.
2. Maaaring subukan ng DCS na magkaroon ng kasunduan para sa halaga ng suporta sa dalawang partido ng inyong kautusan para sa suporta.

Kapag naitakda na ang halaga ng suporta at kung alam ng DCS ang employer ng di-nangangalagang magulang, magpapadala ang DCS sa employer ng paunawa na **Income Withholding for Support (Pagbabawas ng Kita para sa Suporta)**. Ang paunawang ito ay nag-uutos sa employer na ibawas ang suporta mula sa kita o sahod ng di-nangangalagang magulang. Kung hindi alam ng DCS ang employer ng di-nangangalagang magulang, susubukan ng DCS na hanapin ang pinanggalingan ng sahod o kita at susubukang kolektahin ang inyong suporta.

Kung ang inyong kautusan para sa suporta ay naglalaman ng mga istipulasyon para sa suportang medikal ng mga bata, susubukan ng DCS na ipatupad ang mga istipulasyong iyon. Ang mga hakbang na gagawin ng DCS ay nakadepende sa mga istipulasyon ng inyong kautusan.

1. Kung kayo ay may kautusan na nag-aatas sa di-nangangalagang magulang na magbigay ng pagsakop ng health insurance, magbayad ng katumbas na bahagi ng di-nakasegurong gastusing medikal, mga deductible, at mga copayment, o magbayad ng karagdagan halaga ng dolyar kapag ang di-nangangalagang magulang ay walang pagsakop ng health insurance na mapapakinabangan, ipapatupad ng DCS ang alinman sa mga rekisito na ito ng suportang medikal.
2. Kung kayo ay may kautusan para sa suporta na hindi nag-aatas sa di-nangangalagang magulang na magbigay ng health insurance para sa iyong mga anak, maaaring subukan ng DCS na baguhin ang inyong kautusan.
3. Kung kayo ay may kautusan para sa suporta na nag-aatas sa inyo na magbigay ng pagsakop ng health insurance, magbayad ng katumbas na bahagi ng di-nakasegurong gastusing medikal, mga copayment at mga deductible, o bayaran ang parte ng premium sa health insurance ng kapwa magulang kung hindi kayo nagbibigay ng pagsakop ng health insurance, maaaring ipatupad ng DCS ang mga rekisito na iyon kung humihiling ang di-nangangalagang magulang ng serbisyo ng pagpapatupad ng suporta.

Kung kayo ay may pagsakop ng health insurance para sa mga bata, kailangang magbigay kayo sa DCS ng patunay ng pagsakop. Maaaring kompletuhin ninyo at ibalik ang nakalakip na form ng **Custodial Parent Health Insurance Information (Impormasyon sa Health Insurance ng Nangangalagang Magulang)** bilang patunay ninyo.

Kung kayo ay may kasaklawan sa health insurance at hindi ninyo gusto na ipatupad ng DCS ang mga rekisito para sa suportang medikal sa inyong kautusan para sa suporta, kailangang magbigay kayo sa DCS ng patunay ng kasaklawan at sabihin sa DCS, sa panulat, na hindi ninyo gusto ang pagpapatupad ng mga istipulasyon sa suportang medikal.

Kung ang ina at ama ay hindi kailanman nagpakasal, at:

1. Hindi pumirma ang isa o dalawa sa kanila sa **Paternity Acknowledgement (Pagkilala ng Pagka-ama)**, kailangang kilalanin ng estado o korte ng tribo ang lehitimong ama. Isasangguni ng DCS ang inyong kaso sa abogadong taga-usig, korte ng tribo, o sa tanggapan ng Attorney General para sa kaso.
2. Silang dalawa ay pumirma at naghain ng **Paternity Acknowledgement**, maaaring magpapatibay ng kautusan para sa suporta ang DCS na walang hakbang sa korte.

Kung ang kabilang partido ng inyong kautusan para sa suporta ay humihiling sa DCS na gawin ito, maaaring magbigay ang DCS ng serbisyo ng ganap na pagpapatupad ng suporta kahit hindi ninyo ito gusto.

Kung alinman sa partido ng kautusan para sa suporta ay hindi nakatira sa Estado ng Washington, magbibigay ang DCS ng serbisyo ng pagpapatupad ng suporta kung dalawa sa sumusunod ay totoo.

1. Walang partido sa inyong kautusan para sa suporta ang tumatanggap ng serbisyo ng pagpapatupad ng suporta mula sa ibang estado.
2. May kontak sa Estado ng Washington ang di-nangangalagang magulang. Kabilang sa kontak ang pagkakaroon ng sahod mula sa mga employer na nagnenegosyo sa Washington, nagmamay-ari ng ari-arian sa Washington, iba pa. Kailangang may sapat na kontak ang di-nangangalagang magulang sa Estado ng Washington upang mapahintulutan ang DCS na kolektahin ang suporta.

Kung nakatira sa ibang estado ang di-nangangalagang magulang at walang kontak sa Estado ng Washington, at nakatira kayo sa Estado ng Washington, maaaring gawin ng DCs ang alinman sa sumusunod.

1. Subukang ipagtibay ang hurisdiksyon ng kaso at kolektahin ang suporta sa ilalim ng Batas ng Estado ng Washington.
2. Hilingin sa estadong tinitirhan ng di-nangangalagang magulang na kolektahin ang suporta. Kikilos ang ibang estado nang naaayon sa kanilang mga batas.

Makikipag-ayos ang DCS sa di-nangangalagang magulang para sa buwanang kabayaran ng suporta na lampas sa takdang petsa. Ibinabatay ng DCS ang kabayaranang ito sa mga rekesito ng suporta na itinakda sa inyong kautusan para sa suporta at sa kabuuang halaga ng suporta na lampas sa takdang petsa na dapat bayaran para sa kaso.

Kung kayo ay may kautusan para sa suporta na nagpapahintulot sa DCS na magpadala ng **Income Withholding for Support (Pagbabawas ng Kita para sa Suporta)**, ipapadala ng DCS ang form sa employer ng di-nangangalagang magulang.

Kung kayo ay may kautusan para sa suporta na hindi nagpapahintulot sa DCS na magpadala ng **Income Withholding for Support**, magpapadala ang DCS ng **Notice of Support Debt and Demand for Payment (Paunawa Tungkol sa Utang sa Suporta at Kautusan sa Pagbabayad)** sa di-nangangalagang magulang. Ang **Notice of Support Debt and Demand for Payment** ay nag-uulat sa halaga ng suporta at nagbibigay sa DCS ng kapangyarihan na magpadala ng **Income Withholding for Support**

1. Kung kayo ang iniuutos sa korte na siyang babayaran, magpapadala sa inyo ang DCS ng kopya ng paunawa na nag-uulat sa halaga ng suporta. Kung nakatanggap kayo ng kopya at hindi sumasang-ayon sa halagang nakasaad sa paunawa, maaari kayong humiling ng pagdinig.
2. Maaaring hihiling ang di-nangangalagang magulang ng Conference Board (isang di-pormal na pagdinig) upang tutulan ang mga kondisyon sa paunawa na nag-uulat sa halaga ng suporta. Maaari kayong makibahagi sa Conference Board.
3. Kung hihiling kayo ng pagdinig at humihiling ang di-nangangalagang magulang ng isang Conference Board, maaari kayong magpasya kung magkaroon ng pagdinig o Conference Board.

Sa anumang hakbang upang ipagtibay, ipatupad o baguhin ang kautusan para sa suporta, maaaring magpadala ng nakasulat na paunawa ang DCS sa mga partido ng kautusan sa pamamagitan ng primera klaseng koreo. Maaaring ipadala ng DCS ang mga paunawang ito sa huling nalalamang address ng mga partido. Kung magpapadala ang DCS ng paunawa sa inyo, maaari itong maging pinal na kautusan na wala ng karagdang abiso sa inyo. Maaaring pagbigyan ng korte o ng Administrative Law Judge (ALJ) ang kahilingan para sa pagpapabago ng kautusan para sa suporta kung ang isang partido ay mabigong dumalo sa paglilitis para sa pagpapabago. Magagawa ito kahit hindi mapatunayan ng DCS na ang partidong nabigong magpakita ay totoong natanggap ang paunawa para sa pagdinig na ipinadala sa pamamagitan ng primera klaseng koreo sa huling nalalamang address nito.

Hindi makapagpatibay o makapagpatupad ang DCS ng kustodiya o ng mga kondisyon ng pagbisita para sa inyong mga anak.

Representasyon

Ang DCS at lahat ng tanggapan ng Attorney General at mga tanggapan ng Prosecuting Attorney na nakikipagtulungan sa DCS ay kumakatawan sa Department of Social and Health Services. Ang mga tanggapang ito'y hindi kumakatawan sa alinmang partido sa inyong kautusan para sa suporta.

Mga Pagdinig

Nagpapahintulot ang Chapter 34.05 RCW sa dalawang partido ng inyong kautusan para sa suporta na makibahagi sa mga pagdinig na idadaos tungkol sa inyong kautusan para sa suporta. Alinman sa partido ay maaaring dumalo sa pagdinig, nang personal o sa pamamagitan ng telepono. Makakaapekto sa halaga ng inyong suporta ang mga pagdinig. Kung hindi kayo makibahagi sa pagdinig, maaaring pagbigyan ng isang ALJ ang mga kahilingan ng DCS o ng kabilang partido ng inyong kaso, na wala ng karagdang abiso sa inyo. Maaaring gusto ninyo ng abogado na tatayo para sa inyo sa pagdinig.

Abatement

Pinapayagan ng batas ng Washington na pansamantalang bawasan ang suporta sa bata kung ang di-nangangalagang magulang ay na-confine o nasistensyahan nang hindi bababa sa anim na buwan na pagkakakulong sa bilangguan, o correctional facility at wala itong kakayahan na magbayad ng suporta sa bata. Tinatawag ang proseso na ito bilang abatement. Kayo, ang di-nangangalagang magulang, o DCS ay maaaring humiling ng abatement. Kung naaangkop ang abatement sa kaso mo, makakatanggap ka ng abiso mula sa DCS na nagpapaliwanag ng mga tuntunin sa abatement at karapatan ng bawat tao na humiling ng isang pagdinig kung hindi sila sumasang-ayon.

Serbisyo ng Pangongolekta

Susubukan ng DCS na:

1. Kolektahin ang kasalukuyan at ang suporta na lampas sa takdang petsa (kung meron man).
 - Sa ilalim ng limitadong sirkumstansiya, maaaring papasok ang DCS sa isang pansamantalang kasunduan na nagpapahintulot sa di-nangangalagang magulang na magbayad ng mas mababa kaysa buwanang kasalukuyang suporta na nakatala sa inyong kautusan para sa suporta. Tataas ang kabayaran pagdating ng panahon upang mapahintulutan ang DCS na mabawi ang lahat ng kasalukuyan at suporta na lampas sa takdang petsa.
2. Kolektahin ang tubo sa suporta na lampas sa takdang petsa. Gagawin lamang ito ng DCS kung ang inyong kautusan para sa suporta o ang pasya ng estado o tribo ng korte ay nag-uulat ng kabuuang halaga ng nadagdag na tubo.
3. Kolektahin ang gastos sa pangangalaga sa bata, kung hiniling sa inyong kautusan para sa suporta.
4. Kolektahin ang suporta sa asawa (alimony) kung hiniling sa inyong kautusan para sa suporta. Hindi nagtatakda ang DCS ng halaga ng suporta sa asawa.
5. Ipatupad ang mga rekisito sa suportang medikal. Maaaring susubukang kolektahin ng DCS ang hindi nabayarang gastusing medikal (gaya ng mga copayment, mga deductible, at mga premium o hulugan) para sa mga batang sinaklawan ng kautusan gamit ang lehitimong paraan na mapapakinabangan sa ilalim ng Chapter 74.20 RCW at 74.20A RCW. Binibigyang-kahulugan ng WAC 388-14A-1020 ang di-nakasegurong mga gastusing medikal. Maaaring magpadala ang DCS ng **National Medical Support Notice** upang ipatupad ang mga rekisito para sa health insurance o ipatupad ang cash na kontribusyon na hindi hihigit sa katumbas na parte sa mga gastusin ng obligadong magulang, na limitado hanggang 25 porsiyento ng pangunahing obligasyon sa suporta ng magulang.
6. Ipatupad ang suporta sa edukasyon pagkatapos ng sekondarya para sa mga batang nagpapatuloy sa kanilang edukasyon pagkatapos makompleto ang sekondarya. Tanging ang korte ng tribo lamang ng estado ang maaaring mag-utos ng ganitong uri ng suporta. Hindi makapagtibay ng ganitong uri ng suporta ang DCS.

Hindi na ninyo kailangang hilingin sa DCS na gawin ang mga hakbang na nakalista sa seksyong ito. Kikilos ang DCS gaya ng kailangan sa inyong kaso. Gayon pa man, maaaring makahanap kayo ng bagong impormasyon na maaaring makatulong sa DCS sa pagkolekta sa inyong suporta. Kung gagawin ninyo, kailangang sabihin ninyo sa DCS. Ilakip ang sumusunod na impormasyon sa lahat ng mga sulat sa DCS.

1. Inyong pangalan, address, numero ng telepono, at numero ng kaso.
2. Ang pangalan ng di-nangangalagang magulang at ang social security number (kung nalalaman).

Pagpapahinto sa Serbisyo ng DCS

Kung gusto ninyong hihinto ang DCS sa pagbibigay ng serbisyo ng ganap na pangongolekta, kailangang hihiling kayo sa DCS, sa panulat. Kung may kayo ay may kautusan para sa suporta na nangangailangan sa di-nangangalagang magulang na magbayad ng suporta sa pamamagitan ng WSSR, hihinto ang DCS sa pagbibigay ng serbisyo ng ganap na pangongolekta, babaguhin ang inyong kaso tungo sa PSO, at ipapaalam sa di-nangangalagang magulang. Kung ang inyong kautusan para sa suporta ay hindi nag-utos ng kabayaran sa pamamagitan ng WSSR, isasara ng DCS ang inyong kaso.

Kung kayo o ang inyong mga anak ay muling sumama sa di-nangangalagang magulang, hihinto ang DCS sa pangongolekta ng kasalukuyang suporta. Ipapaalam sa inyo ng DCS ang tungkol sa anumang pagbabago sa uri ng serbisyo na tinatanggap ninyo.

Panumbas (Offset) na Income Tax Refund ng Pederal, Administratibong Panumbas, at Pagkait ng Pasaporte

Ipapaalam ng DCS sa Internal Revenue Service (IRS) kapag may dapat bayarang suporta na lampas sa takdang petsa ang di-nangangalagang magulang kung ang inyong kaso ay nakakatugon sa sumusunod na pamantayan:

1. Alam ng DCS ang social security number ng di-nangangalagang magulang.
2. Ang utang sa suporta na lampas sa takdang petsa ay dapat bayaran sa ilalim ng kautusan para sa suporta.
3. Ang di-nangangalagang magulang ay may dapat bayarang utang sa suporta na lampas sa takdang petsa na \$500 o higit. Kung hindi matiyak ng DCS ang dapat bayarang kabuuang suporta na lampas sa takdang petsa, maaaring limitahan ng DCS ang utang sa halagang nadagdag mula nang tinanggap ng DCS ang inyong kaso.

Ipapadala ng IRS sa DCS ang tax refund ng di-nangangalagang magulang upang bayaran ang suporta na lampas sa takdang petsa sa bata, kabilang ang anumang kasalukuyang suporta sa bata kapag natanggap ang refund.

Kung ang di-nangangalagang magulang ay naghain ng joint tax return, maaaring pigilan ng DCS ang refund sa loob ng anim na buwan bago ipadala sa inyo ang pera. Maaaring pigilan ng DCS ang tax return upang pahintulutan ang kabilang joint filer (o isa sa mag-asawa) sa tax return na makuha ang kanilang bahagi sa refund.

Ang ibang kabayaran na dapat ibigay ng pamahalaang pederal sa di-nangangalagang magulang ay maaaring i-offset o ipanumbas upang mabayaran ang suporta na lampas sa takdang petsa.

Kung ang di-nangangalagang magulang ay may dapat bayarang hindi bababa sa \$2,500.00, maaaring pagkaitan ng pamahalaang pederal ang di-nangangalagang magulang ng pasaporte.

Pagbabahagi ng Kabayaran

May mahigpit na mga regulasyon ang pederal at estado sa pagbabahagi ng kabayaran sa suporta. Ginagamit ng DCS ang petsa ng pagtanggap ng kabayaran upang pasyahan kung paano ibabahagi ang halaga ng suporta. Wala sa alinmang partido sa kautusan para sa suporta ang makakapili sa panahon na sakop ng kabayaran.

1. Ibabahagi ng DCS ang anumang perang natanggap sa bawat buwan, maliban sa kabayaran sa tax refund mula sa IRS, una sa kasalukuyang suporta para sa buwang iyon. Ang mga kabayaran sa IRS ay ilalapat lang sa suporta na lampas sa takdang petsa sa bata.
2. Maaaring kunin ng DCS ang taunang bayad na \$35, kung hindi pa kayo kailanman nakatanggap ng TANF, TANF ng Tribo, o pondo ng AFDC bilang tagapangalaga ng mga menor de edad na bata. Kokolektahin ng DCS ang bayad pagkatapos maibigay sa inyo ang suportang \$550 para sa kaso sa pagitan ng a-uno ng Oktubre at a-trenta ng Setyembre bawat taon.
3. Kung tatanggap ang DCS ng higit sa kasalukuyang halaga ng suporta, ilalagay ng DCS ang karagdagang halaga ng bayad sa suporta na lumampas sa takdang petsa.
4. Kung ang di-nangangalagang magulang ay may dapat bayarang kasalukuyang suporta sa higit isang pamilya, ibabahagi ng DCS ang lahat ng pera sa kasalukuyang obligasyon ng suporta bago ibahagi ang anumang pera sa suporta na lampas sa takdang petsa. Kayo o ang di-nangangalagang magulang ay di-maaaring tumukoy kung paano ibabahagi ng DCS ang mga kabayaran.
 - May isang eksepsyon sa tuntunin sa taas. Maaaring tukuyin ng di-nangangalagang magulang ang pagbabahagi ng kabayaran sa mga kaso sa PSO. Ang PSO ay tumutukoy sa mga kaso kung saan ang DCS ay nag-iingat ng talaan at nagbabahagi ng kabayaran ngunit hindi nagpapatupad ng kautusan para sa suporta.

Ipapadala ng DCS ang kasalukuyang kabayaran sa suporta sa inyo. Kung mag-sign up kayo para sa direktang deposito, ilalagak ng DCS ang kabayaran direkta sa inyong bank account sa pamamagitan ng Electronic Funds Transfer (EFT).

PAUNAWA: Kung hindi kayo nagpapahintulot ng direktang deposito, awtomatikong ikokoreo ng DCS sa inyo ang stored-value Visa debit card, na tinatawag na DCS debit card. Kung may DCS debit card kayo, ilalagak ng DCS sa kard ang suporta sa bata kaysa inyong bank account. Sa karaniwang sitwasyon, ang kabayaran sa suporta sa bata ay makukuha sa inyong bank account o sa inyong DCS debit card sa loob ng tatlong pangkalahatang araw pagkatapos maibahagi ng DCS ang mga ito sa inyong kaso. Magagamit ninyo ang DCS debit card saanman na tinatanggap ang VISA at sa ATM machines. Maaari kayong makakuha ng mas maraming impormasyon tungkol sa elektronikong pagbabayad. Alamin ang tungkol sa inyong ibang opsyon sa pagtanggap ng kabayaran, sa pamamagitan ng pagtawag sa numerong 800-468-7422 o on-line sa www.dshs.wa.gov/dcs.

Ang kabayaran sa suporta na lampas sa takdang petsa ay maaari o maaaring hindi mapunta sa inyo.

1. Kung kayo at ang inyong mga anak ay hindi kailanman nakatanggap ng tulong ng pamahalaan, ipapadala sa inyo ng DCS ang pera.
2. Kung tumanggap kayo ng tulong ng pamahalaan at walang utang na inilipat sa anumang hurisdiksyon, ipapadala ng DCS sa inyo ang pera.
3. Kung tumanggap kayo ng tulong ng pamahalaan sa nakalipas, ibabahagi ng DCS ang natanggap na suporta na lampas sa takdang petsa pagkatapos ninyong mahinto sa pagtanggap ng tulong ng pamahalaan gaya ng sumusunod:
 - a. Una, sa anumang suporta na lampas sa takdang petsa na dapat bayaran sa inyo na kailanman ay hindi itinalaga sa estado.
 - b. Pangalawa, sa anumang suporta na lampas sa takdang petsa na pansamantalang itinalaga sa estado sa pamamagitan ng pagtatalaga na ginawa sa o pagkatapos ng Oktubre 1, 1997, at bago ang Oktubre 1, 2008, at hindi bahagi ng permanenteng itinalagang suporta na lampas sa takdang petsa na inilarawan sa ibaba.
 - c. Pangatlo, sa anumang suporta na lampas sa takdang petsa na dapat bayaran sa inyo para sa suportang medikal ng mga bata.
 - d. Pang-apat, sa anumang suporta na lampas sa takdang petsa na permanenteng itinalaga sa estado sa pamamagitan ng pagtatalaga na ginawa bago ang Oktubre 1, 1997, o inilipat pagkatapos ng petsang iyon dahil ang kaloob na tulong ng pamahalaan ay ibinigay sa inyo sa buwang iyon.
 - e. Panlima, sa anumang suportang medikal ng mga bata na lampas sa takdang petsa na itinalaga sa estado.
 - f. Ang kabayaranang natanggap mula sa IRS ay ibabahagi sa suporta na lampas sa takdang petsa at suporta na lampas sa takdang petsang medikal na inilipat sa estado, bago ibahagi sa alinmang suporta na lampas sa takdang petsa na dapat bayaran sa inyo.
4. Kung ang di-nangangalagang magulang ay may dapat bayarang suporta na lampas sa takdang petsa sa higit isang pamilya, hahatiin ng DCS nang pantay ang perang nakolekta sa pagitan ng mga pamilya.

Pagbawi ng Bayad

Alinsunod sa RCW 26.23.035(3) at 74.20A.270, babawiin ng DCS ang mga pagbabayad sa inyo na labis na mga bayad at mga bayad na kamaling naipadala sa inyo.

1. Dapat ninyong ibalik ang mga pagbabayad na ipapadala sa inyo ng DCS kung:
 - a. Maling naipadala sa inyo ng DCS ang pera.
 - b. Magpapadala sa inyo ang DCS ng higit pang pera kaysa sa dapat bayaran sa nangangalagang magulang, tinatawag rin na isang labis na pagbabayad.
2. Kung mayroon kayong payment services only (PSO) na kaso. Babawiin muna ng DCS ang labis na mga bayad at mga pagbabayad na kamaling naipadala sa inyo sa pamamagitan ng hindi pagbibigay ng halaga mula sa mga matatanggap ninyong pagbabayad sa hinaharap. Pinahihintulutan ng RCW 26.23.035(3) ang pagkilos na ito nang hindi kayo bibigyan ng abiso.
 - a. Awtomatikong ibawas ng DCS ang 10 porsiyento ng mga kasalukuyang pagbabayad ng suporta sa hinaharap.
 - b. Awtomatikong ibawas ng DCS ang 100 porsiyento ng mga pagbabayad sa hinaharap sa suporta na lampas sa takdang petsa.
3. Ang DCS ay maaaring gumawa ng ibang mga pagkolekta na pinahihintulutan ng RCW 74.20A.270 upang mabawi ang labis na bayad at mga pagbabayad na kamaling naipadala sa inyo. Naaangkop ito kahit na tumigil na kayong makatanggap ng mga pagbabayad ng suporta sa pamamagitan ng DCS. Kung pipiliin ng DCS ang opsyon na ito, bibigyan kayo ng abiso ng DCS. Kung walang matatanggap na pagtutol, pahihintulutan ang DCS na:
 - a. Magpadala sa inyong employer o ibang tao o organisasyon na humahawak ng mga pag-aari para sa inyo ng isang Income Withholding Order for Support. Hinihiling ng kautusan/abisong ito mula sa inyong employer o ibang tao o organisasyon na ibawas ang halaga ng maling pagbabayad at/o labis na pagbabayad mula sa inyong mga kinita, at mga pag-aari.
 - b. Magsampa ng habla laban sa inyong tunay at personal na pag-aari.
 - c. Gumamit ng anumang remedyo sa pagkolekta ng DCS na magagamit sa ilalim ng mga Kabanata 26.09, 26.18, 26.23, at 74.20 RCW.

Impormasyon sa Tribo

Maliban kung ang DCS at ang tribo ay may kasunduan na gawin ito, ang mga pamamaraan ng DCS sa pagpapatupad at pangongolekta na nakatala sa form na ito ay hindi angkop sa mga empleyadong nagtatrabaho sa mga tribo, mga negosyong pag-aari ng tribo o mga negosyong pag-aari ng Indyan na nakapuwesto sa mga reserbasyon. Kung ang di-nangangalagang magulang ay empleyado sa isang tribo ng Indyan, negosyong pag-aari ng tribo, o sa isang negosyong pag-aari ng Indyan na nakapuwesto sa reserbasyon, ang DCS ay maaaring:

1. Hihiling sa tribo na ipatupad ang inyong kautusan para sa suporta. Gagawin ito ng DCS kung ang Estado ng Washington at ang tribo ay may proseso na gawin ito.
2. Maghain ng kaso sa korte ng tribo upang ipagtibay o ipatupad ang inyong kautusan para sa suporta. Kung maghahain ng kaso ang DCS sa korte ng tribo, maaaring gagamitin ng DCS ang mga pamamaraan na binalangkas sa mga kasunduan sa pagitan ng Estado ng Washington at ng mga tribo ng Indyan o gagamitin ang umiiral na mga pamamaraan ng korte ng tribo.

Maaaring ilipat ng DCS ang inyong kaso sa yunit ng pagpapatupad ng tribo kung alinman sa mga sumusunod ay may kabuluhan sa inyong kaso.

1. Alinman sa partido ng inyong kautusan para sa suporta o ang inyong mga anak ay miyembro ng tribo ng Indyan.
2. Ang di-nangangalagang magulang ay empleyado ng tribo ng Indyan, negosyong pag-aari ng tribo, o ng isang negosyong pag-aari ng Indyan na nakapuwesto sa reserbasyon o sa trust land.
3. Alinmang partido sa inyong kautusan para sa suporta ay sinasaklawan ng nakikiisang proseso o kasunduan ng suporta sa bata.
4. Alinmang partido sa inyong kautusan para sa suporta ay tumatanggap ng serbisyo mula sa TANF ng Tribo o programa ng suporta sa bata sa Tribo.
5. Ang inyong kaso ay kumakabilang ng iba pang mga usapin sa Tribo.

Mga Batas at Patakaran na Nakakaapekto sa Suporta sa Bata

Ang sumusunod na mga tsapter ng Revised Code of Washington (RCW) at ang Washington Administrative Code (WAC) ang namamahala sa mga serbisyo na ibinibigay ng DCS.

Chapter 26.09 RCW Chapter 388-14A WAC
Chapter 26.18 RCW
Chapter 26.21A RCW
Chapter 26.23 RCW
Chapter 74.20 RCW
Chapter 74.20A RCW

Ang statute of limitations ay maaaring magagamit sa utang sa suporta sa bata. Kung magagamit ito, maaaring gamitin ng di-nangangalagang magulang ang statute of limitations bilang depensa ng pagkakautang sa lahat o ang bahagi ng utang sa suporta.

Mga Tawag sa Telepono

Tawagan ang awtomatikong sistema ng telepono ng "KIDS" sa numerong 800-442-5437 upang makakuha ng impormasyon tungkol sa inyong kaso. Mangyaring palaging gamitin ang sistemang ito. Kung may usapin kayo na hindi kayang pangasiwaan ng sistema ng "KIDS", tawagan ang tanggapan ng DCS na nangangasiwa sa inyong kaso. Alalahanin, ang mga tawag sa telepono ay kukuha ng oras mula sa ibang trabaho ng pangongolekta para sa inyong kaso. Ang pagbawas sa bilang ng mga tawag ay magbibigay ng pagkakataon sa DCS na mapagsilbihan kayo nang mas mabuti.

Kung kailangang tumawag kayo sa DCS, gamitin ang numero ng telepono na nakatala sa ibaba. Mangyaring gamitin ang numero ng teleponong walang bayad (toll free) para sa long distance na tawag lamang. Mapapakinabangan ang serbisyo ng TTY/TDD para sa may pinsala sa pananalita o pandinig.

Seattle: (206) 341-7000 o (800) 526-8658
Tacoma: (253) 597-3700 o (800) 345-9976
Everett: (425) 438-4800 o (800) 729-7580
Spokane: (509) 363-5000 o (800) 345-9982
Kennewick: (509) 374-2000 o (800) 345-9981

Vancouver: (360) 696-6100 o (800) 345-9984
Wenatchee: (509) 886-6800 o (800) 535-1113
Yakima: (509) 249-6000 o (800) 441-0859
Olympia: (360) 664-6900 o (800) 345-9964

Para sa impormasyon tungkol sa elektronikong kabayaran, tumawag sa numerong 800-468-7422 o bisitahin ang web site ng DCS sa www.dshs.wa.gov/dcs. Maaari kayong magparehistro sa online sa <https://secureaccess.wa.gov> upang makita ang kasaysayan ng kabayaran sa inyong kaso.

Walang tao, na dahil sa lahi, kulay, bansang pinagmulan, pananampalataya, relihiyon, kasarian, edad, o kapansanan, ang hindi hirangin sa anumang trabaho, mga serbisyo, o anumang aspeto ng mga gawain ng programa. Ang form na ito ay makukuha sa alternatibong pormat kapag hinihiling.